SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 09/22/23 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED BY [signature] 21 SEP 2023 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 367-T2023**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT NG PONDO NA MAY KABUUANG HALAGANG TATLONG DAANG LIBONG PISO (Php 300,000.00) MULA SA PONDO NG OTHER MAINTENANCE AND OPERATING EXPENSES (JOB ORDER) UPANG ILAAN PARA SA TRAINING EXPENSES (P150,000.00); OTHER SUPPLIES AND MATERIALS EXPENSES (P100,000.00) AT REPAIR AND MAINTENANCE OF VEHICLE (P50,000.00) SA TANGGAPAN NG PANGALAWANG PUNONG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan si Kgg. Laarni A. Malibiran, Pangalawang Punong Bayan sa Kagalang-kagalang Sangguniang Bayan na makapaglipat ng pondo sa kanyang Tanggapan upang ilaan para sa mga proyekto at gawaing nakasaad sa itaas nito na may kabuuang halagang Php300,000.00;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay tinalakay ng bumubuo ng Sangguniang Bayan at inirekomendang ito ay pagtibayin;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Pangaiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., K gg. Lea A. Almarvez, Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang paglilipat ng pondo na may kabuuang halagang Tatlong Daang Libong Piso (Php300,000.00) mula sa Other Maintenance & Operating Expenses (Job Order) upang ilaan para sa Training Expenses (P150,000.00); Other Supplies and Materials Expenses (P100,000.00) at Repair and Maintenance of Vehicle (P50,000.00) sa Tanggapan ng Pangalawang Punong Bayan ng bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tanggapan ng Pang. Punong Bayan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

[signature]
**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

[signature]
**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo